
MISSALETTE
25 Enero 2026 • Ika-3 Linggo sa Karaniwang Panahon • Taon A



# Si Hesus, ang Katuparan ng mga Pangako ng Diyos

Ngayong Ikatlong Linggo sa Karaniwang Panahon, sundan natin si Hesus sa simula ng Kanyang misyon sa Hilagang Palestina, bilang katuparan ng pangako ng Diyos na maging liwanag at tagapagligtas ng mundo. Ang Kanyang paanyaya sa pagbabalik-loob at pagtanggap sa Kaharian ng Diyos, na una Niyang ipinahayag sa Galilea, ay umaabot pa rin sa atin ngayon. Sa Eukaristiya, tunay nating nararanasan ang Kaharian ng Diyos—buksan natin ang puso at maging kasangkapan ng Kanyang pagmamahal sa ating lipunan.

## PASIMULA

### PAMBUNGAD

*(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)*

Panginoo'y papurihan,
bagong awit s'ya'y awitan.
Umawit ka, sanlibutan,
sa dangal n'ya't kabanalan,
at ganda sa dalanginan. *(Sal 96, 1. 6)*

### PAGBATI

**P –**Ang biyaya at kapayapaan buhat sa ating Diyos Ama, Panginoong Hesukristo, at Espiritu Santo ay sumainyong lahat.
**B – At sumaiyo rin.**

### PAGSISISI

**P –**Upang ihanda ang ating mga sarili sa pagdiriwang ng mga banal na misteryo, alalahanin natin ang ating mga kasalanan at idalangin ang pagpapatawad at lakas ng Panginoon. *(Manahimik sandali.)*

**P –** Panginoong Hesus, nagsimula ka sa iyong misyon sa pag-aanyaya sa mga tao upang sila'y magbalik-loob. Panginoon, kaawaan mo kami.
**B – Panginoon, kaawaan mo kami.**

**P –** Panginoong Hesus, nananawagan ka sa mga taong maging tanging alagad alang-alang sa Kaharian. Kristo, kaawaan mo kami.
**B – Kristo, kaawaan mo kami.**

**P –** Panginoong Hesus, pinagagaling mo ang lahat ng uri ng sakit at karamdaman. Panginoon, kaawaan mo kami.
**B – Panginoon, kaawaan mo kami.**

**P –** Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.
**B – Amen.**

### PAPURI

**B –** Papuri sa Diyos sa kaitaasan
at sa lupa'y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya.
Pinupuri ka namin,
dinarangal ka namin,
sinasamba ka namin,
ipinagbubunyi ka namin,
pinasasalamatan ka namin
dahil sa dakila mong angking kapurihan.
Panginoong Diyos, Hari ng langit,
Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.
Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak,
Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama.
Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan,
maawa ka sa amin.

This issue of Euchalette may be downloaded for free anywhere in the world. A "love offering" for the continuation of our apostolate will be appreciated. Please, send your donation to "Word And Life Publications." Our Savings Account is BPI – # 3711-0028-46. Send us an email of a copy of the deposit slip with your name for proper acknowledgment. See contact details on the last page. Thank You!

Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan,
tanggapin mo ang aming kahilingan.
Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama,
maawa ka sa amin.
Sapagkat ikaw lamang ang banal,
ikaw lamang ang Panginoon,
ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan,
kasama ng Espiritu Santo
sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen.

## PANALANGING PAMBUNGAD

**P –** Ama naming makapangyarihan,
itaguyod mo ang aming ginagampanan
alinsunod sa iyong kalooban
upang sa ngalan ng Anak mong mahal,
kami'y maging marapat magkaroon ng
karagdagan
sa aming paggawa ng mga kabutihan
sa pamamagitan ni Hesukristo
kasama ng Espiritu Santo magpasawalang
hanggan.
**B – Amen.**

# PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS

## UNANG PAGBASA — Isa 8, 23b-9:3

Pagbasa mula sa Aklat ni Propeta Isaias

**Sa mga nakaraang araw, inilagay niya sa kahihiyan ang lupain ng Zabulon at ang lupain ng Neftali. Ngunit sa panahong darating, dadakilain niya ang lupaing ito, mula sa Dagat Mediteraneo hanggang sa ibayo ng Jordan, ang Galilea ng mga Hentil.**

**Nakatanaw ng isang malaking liwanag**
**Ang bayang malaon nang nasa kadiliman,**
**Namanaag na ang liwanag**
**Sa mga taong namumuhay sa lupaing balot ng dilim.**
**Iyong pinasigla ang kanilang pagdiriwang,**
**Dinagdagan mo ang kanilang tuwa.**
**Tulad ng mga tao sa panahon ng anihan,**
**Tulad ng mga taong naghahati ng nasamsam na kayamanan.**
**Nilupig mo ang bansang umalipin sa iyong bayan**
**Tulad ng pagkalupig sa hukbo ng Madian.**
**Binali mo ang panghambalos ng mga tagapagpahirap sa kanila.**

Ito ang Salita ng Diyos.
**B – Salamat sa Diyos.**

## SALMONG TUGUNAN — Sal 26, 1. 4. 13-14

**B – Panginoo'y aking tanglaw**
**siya'y aking kaligtasan.**

*R. M. Velez*




* Tanglaw ko'y ang Poon, aking kaligtasan,
Kaya walang takot ako kaninuman;
Sa mga panganib kanyang iingatan,
kaya naman ako'y walang agam-agam. ***B.***

* Isang bagay lamang ang aking mithiin,
Isang bagay itong sa Poon hiniling:
Ang ako'y lumagi sa banal na templo
Upang kagandahan niya'y mamasdan ko
At yaong patnubay niya ay matamo. ***B.***

* Ako'y nananalig, ako'y mabubuhay
At sasaksihan ko ang 'yong kabutihan
Na igagawad mo sa mga hinirang.
Sa Panginoong Diyos tayo'y magtiwala;
Tayo ay umasa sa kanyang kalinga! ***B.***

## IKALAWANG PAGBASA — 1 Cor 1,10-13.17

Pagbasa mula sa Unang Sulat ni Apostol San Pablo sa Mga Taga-Corinto

**Mga kapatid:**
**Ako'y nananawagan sa inyo sa ngalan ng ating Panginoong Hesukristo: Magkaisa kayo sa pananalita, isipa't layunin upang mawala sa inyo ang pagkakabaha-bahagi. Sapagkat ibinalita sa akin ng mga tauhan ni Cloe na kayo raw ay may mga alitan. Ito ang tinutukoy ko: sabi ng isa, "Kay Pablo ako"; sabi naman ng isa, "Ako'y kay Apolos." May iba namang nagsasabi, "Kay Pedro ako"; at may nagsasabi pang, "Ako'y kay Kristo." Bakit? Nahahati ba si Kristo? Si Pablo ba ang ipinako sa krus para sa inyo? Bininyagan ba kayo sa ngalan ni Pablo?**
**Sinugo ako ni Kristo, hindi upang magbinyag kundi upang mangaral ng Mabuting Balita. Ipinangaral ko nga ito, ngunit hindi sa pamamagitan ng pananalitang batay sa karunungan ng sanlibutan upang sa gayo'y hindi mawalan ng kabuluhan ang kamatayan ni Kristo sa krus.**

Ito ang Salita ng Diyos.
**B – Salamat sa Diyos.**

## ALELUYA Mt 4, 23

**B – Aleluya! Aleluya!**
**Ipinangaral ni Hesus**
**ang paghahari ng Diyos;**
**sakit ay kanyang ginamot.**
**Aleluya! Aleluya!**

## MABUTING BALITA Mat 4, 12-23

**P**–Sumainyo ang Panginoon.

**B – At sumaiyo rin.**

P – Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Mateo

**B – Papuri sa iyo, Panginoon.**

**Noong panahong iyon, nabalitaan ni Hesus na ibinilanggo si Juan, kaya't bumalik siya sa Galilea. Ngunit hindi na siya sa Nazaret nanirahan kundi sa Capernaum. Ang bayang ito ay nasa baybayin ng Lawa ng Galilea, sa mga hangganan ng Zabulon at Neftali. Sa gayo'y natupad ang sinabi ni Propeta Isaias:**

**"Ang lupain ng Zabulon at lupain ng Neftali –**
**Daanan sa gawing dagat sa ibayo ng Jordan,**
**Galilea ng mga Hentil!**
**Itong bayang nag-apuhap sa gitna ng kadiliman**
**Sa wakas ay nakakita ng maningning niyang ilaw!**
**Liwanag na taglay nito'y siya ngayong tumatanglaw**
**Sa lahat ng nalugami sa lilim ng kamatayan!"**

**Magmula noon ay nangaral na si Hesus. Ang sabi niya, "Pagsisihan ninyo't talikdan ang inyong mga kasalanan, sapagkat malapit nang maghari ang Diyos."**

**Sa paglalakad ni Hesus sa tabi ng Lawa ng Galilea, nakita niya ang dalawang mangingisda, si Simon na tinatawag na Pedro, at ang kapatid niyang si Andres. Sila'y naghahagis ng lambat. Sinabi niya sa kanila, "Sumunod kayo sa akin, at gagawin ko kayong mamamalakaya ng mga tao." Noon di'y iniwan nila ang kanilang mga lambat at sumunod kay Hesus.**

**Nagpatuloy siya sa paglakad at nakita rin niya ang magkapatid na Santiago at Juan, mga anak ni Zebedeo. Sila'y nasa bangka, kasama ng kanilang ama, at naghahayuma ng lambat. Tinawag din sila ni Hesus. Agad nilang iniwan ang bangka at ang kanilang ama, at sumunod kay Hesus.**

**Nilibot ni Hesus ang buong Galilea. Nagtuturo sa mga sinagoga at ipinangangaral ang Mabuting Balita tungkol sa paghahari ng Diyos. Pinagaling din niya ang mga tao sa kanilang mga sakit at karamdaman.**

Ito ang Mabuting Balita ng Panginoon.

**B – Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo.**

## HOMILIYA

## SUMASAMPALATAYA

**B – Sumasampalataya ako**
**sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat,**
**na may gawa ng langit at lupa.**
**Sumasampalataya ako kay Hesukristo,**
**iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat.**
**Nagkatawang-tao siya lalang ng Espiritu Santo,**
**ipinanganak ni Santa Mariang Birhen.**
**Pinagpakasakit ni Poncio Pilato,**
**ipinako sa krus, namatay, inilibing.**
**Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao.**
**Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli.**
**Umakyat sa langit.**
**Naluluklok sa kanan**
**ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.**
**Doon magmumulang paririto**
**at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.**
**Sumasampalataya naman ako**
**sa Diyos Espiritu Santo,**
**sa banal na Simbahang Katolika,**
**sa kasamahan ng mga banal,**
**sa kapatawaran ng mga kasalanan,**
**sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao**
**at sa buhay na walang hanggan. Amen.**

## PANALANGIN NG BAYAN

**P –** Kaisa ng lahat ng taong may mabuting kalooban, idulog natin sa Panginoon ang ating mga kahilingan para sa mga pangangailangan ng sangkatauhan at ng mga taong mahal sa atin. Ang sagot natin ay:

**B – Panginoon, pakinggan Mo kami.**

* Para sa Simbahang Katolika, ang tanging mag-anak ng Diyos sa lupa: nawa lagi siyang maging Mabuting Balita sa lahat ng bansa sa pamamagitan ng kanyang katapatan sa mga turo ni Hesus. Manalangin tayo. **B.**

* Para sa Santo Papa, ang mga Obispo, at lahat ng mga pinunong espirituwal: nawa magtagumpay ang kanilang pagsisikap sa pagpapalago ng pagmamahalan at kapayapaan. Manalangin tayo. **B.**

* Para sa mga nakatalaga sa pagtataguyod ng katarungan at kapayapaan: nawa magtagumpay ang kanilang pagsisikap upang

ang sangkatauhan ay mabuhay sa pagka-kasundo, pagtutulungan, at kasaganaan. Manalangin tayo. **B.**

* Para sa mga tinatawagang maging tanging alagad: nawa maagap silang tumugon sa paanyaya ng Panginoon at bukas-palad na magpunyagi sa kanilang bokasyon nang may buong katapatan. Manalangin tayo. **B.**

**P –**Salamat, Panginoon, sa kaloob mong Banal na Kasulatan at sa pamamatnubay na dulot nito sa amin. Bigyan mo po kami ng biyayang isabuhay ang mensahe nito hanggang sa dulo ng aming buhay. Ikaw na nabubuhay at naghahari magpakailanman.
**B – Amen.**

## PAGDIRIWANG NG HULING HAPUNAN

**P –** Manalangin kayo . . .
**B – Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.**

### PANALANGIN UKOL SA MGA ALAY

**P –** Ama naming Lumikha,
tanggapin mong malugod ang aming mga handog.
Ngayong ang kabanalan ay iyong dulot,
kami'y sumasamo sa iyo't lumuluhog
upang kaligtasa'y iyong ipagkaloob
sa pamamagitan ni Hesukristo
kasama ng Espiritu Santo
magpasawalang hanggan.
**B– Amen.**

### PREPASYO I

**P –** Sumainyo ang Panginoon.
**B – At sumaiyo rin.**
**P –** Itaas sa Diyos ang inyong puso at diwa.
**B – Itinaas na namin sa Panginoon.**
**P –** Pasalamatan natin ang Panginoong ating Diyos.
**B – Marapat na siya ay pasalamatan.**
**P –** Ama naming makapangyarihan,
tunay ngang marapat
na ikaw ay aming pasalamatan
sa pamamagitan ni Hesukristo
na aming Panginoon.
Sa dakilang pagtubos niya sa amin
ang kasalana't kamatayang aming pasanin
ay binalikat niya upang kami'y palayain
at maitampok sa iyong luningning.
Siya ang nagtanghal sa amin bilang liping hinirang,
pari at haring lingkod sa iyong kamahalan.
Mula sa kadiliman, kami'y iyong tinawag
upang makasapit sa iyong liwanag
bilang iyong angkang may tungkuling maglahad
ng iyong dakilang pag-ibig sa lahat.
Kaya kaisa ng mga anghel
na nagsisiawit ng papuri sa iyo
nang walang humpay sa kalangitan,
kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:
**B – Santo, santo, santo**
**Panginoong Diyos**
**ng mga hukbo!**
**Napupuno ang langit at lupa**
**ng kadakilaan mo!**
**Osana sa kaitaasan!**
**Pinagpala**
**ang naparirito**
**sa ngalan**
**ng Panginoon!**
**Osana sa kaitaasan!**

### PAGBUBUNYI

**B – Aming ipinahahayag**
**na namatay ang 'yong Anak,**
**nabuhay bilang Mesiyas**
**at magbabalik sa wakas**
**para mahayag sa lahat.**

## PAKIKINABANG

**B – Ama namin . . .**
**P –** Hinihiling namin . . .
**B – Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman. Amen.**

### PAANYAYA SA KAPAYAPAAN

### PAGHAHATI-HATI SA TINAPAY

WORD AND LIFE PUBLICATIONS
Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila
*Postal Address:* P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines
*Tel. Nos.* 8894-5401; 8475-8945 • *Website:* www.wordandlife.org
• *E-mail:* wordandlifepublications@gmail.com • *FB:* Word And Life Publications
• *Editorial Team:* Fr. R. De Guzman, V. David, R. Molomog, D. Daguio
• *Illustrations:* A. Sarmiento, B. Cleofe • *Circulation:* R. Saldua

**B – Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. (2×)**
**Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, ipagkaloob mo sa amin ang kapayapaan.**

## PAANYAYA SA PAKIKINABANG

**P –** Ito ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.
**B – Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.**

### Antipona ng Pakikinabang

*(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)*

**Sa Panginoo'y dumulog**
**nang maliwanagang lubos**
**at nang kanyang maitampok**
**ang mukha natin at loob**
**sa dulot n'yang pagkukupkop.** *(Sal 34, 5)*

## PANALANGIN PAGKAPAKINABANG

**P –**Ama naming mapagmahal,
ipagkaloob mong sa aming pakikinabang
sa iyong kagandahang-loob na bumubuhay,
lagi nawa naming maikarangal
ang iyong pagpapalang sa ami'y ibinibigay
sa pamamagitan ni Hesukristo
kasama ng Espiritu Santo
magpasawalang hanggan.
**B – Amen.**

## PAGWAWAKAS

**P –** Sumainyo ang Panginoon.
**B – At sumaiyo rin.**

**P –** Magsiyuko kayo at ipanalangin ang pagpapala ng Diyos. *(Tumahimik sandali.)*
– Gabayan nawa kayo ng ilaw ng pag-ibig ng Diyos sa inyong mga hakbang sa isang tunay na Kristiyanong pamumuhay.
**B – Amen.**

**P –** Tulutan nawa kayo ng Panginoong maging mga kasangkapan ng kapayapaan at taga-pagtaguyod ng pagkakaisa sa ating lipunan.
**B – Amen.**

**P –** Iligtas nawa kayo ng Panginoon sa lahat ng panganib at isulong ang inyong mga pagsisikap.
**B – Amen.**

**P –** Pagpalain kayo ng makapangyarihang Diyos: Ama, Anak, at Espiritu Santo.
**B – Amen.**

**P –** Humayo kayo sa kapayapaan upang mahalin at paglingkuran ang Panginoon.
**B – Salamat sa Diyos.**